



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG UNANG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 03 ENERO 2007, IKA-09:30 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Cesar T. Baticos	- Tagapangulo
Konsehal Agustin L. Cusi	
Konsehal Eduardo K. Soriano	
Konsehal Mae Arlene M. Talens	
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr	
Konsehal Juan S. Advincula	
Konsehal Hernan C. Ererita	
Konsehal Gemar C. Montesa	
Konsehal Larry V. Salazar	- Pangulo, Liga ng mga Barangay

Hindi Nakadalo:

Konsehal Jovito D. Estrada	
Konsehal King Philip B. Dimapilis	- Pangulo, Pambayang Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

KAPASYAHAN BLG. 001
Taong 2007

**KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG
PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA
NAULILA NG NAGING PUNONG BARANGAY NG
BARANGAY LIBERTAD, ROXAS, SILANGANG
MINDORO, G. LEOPOLDO SALVADOR MONTAÑO, SR.**

SAPAGKA'T, si G. Leopoldo Salvador Montaña, Sr. ay naging lingkod publiko sa kanyang barangay ng Libertad bilang Punong Barangay sa loob ng mahubang panahon;

SAPAGKA'T, sa kanyang paglilingkod na ito sa abot ng kanyang kakayahan at kaalaman ay nagsikap alamin at tulungang mabigyang kalutasan ang mga pangangailangan at karaingan ng kanyang mga kababayan;

SAPAGKA'T, kahit sa kanyang maliit na kaparaanan ay ginampanan niya nang buong katapatan ang tungkuling iniatang ng mga kabarangay;

SAPAGKAT, sa panahong inilagi niya sa daigdig, ipinakita niya ang pagsisikap na maging isang mabuting lingkod-bayan at responsableng asawa at ama ng kanyang mga anak;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro sampu ng mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ay lubos na nakikiramay sa mga naulila ng naging Punong Barangay ng Barangay Libertad ng bayang ito, G. Leopoldo S. Montafio, Sr.


DAHIL DITO, sa nagkakaisang mungkahi ng lahat -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa pamilya ng pumanaw na naging Punong Barangay ng Barangay Libertad ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at ng mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ng bayang ito.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa pamilya ng pumanaw na naging Punong Barangay ng Libertad, Roxas, Silangang Mindoro lakip ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati.


Pinagtibay ng lahat. 03 Enero 2007

PINATUTUNAYANG WASTO.




FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:



CESAR T. BATICOS
Pangalawang Punong Bayan /
Tagapangulo

PINAGTIBAY:



JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan